
10

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 3: Sanaysay mula sa Greece (Panitikang Mediterranean)



CO_Q1_Filipino10_Module3

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Ikasampung Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan (Panitikang Mediterranean) – Modyul 3: Sanaysay mula sa Greece**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyal. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyal na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Virgilio C. Rendon, Alvin D. Mangaoang |
| **Editor:** | Luisito V. Libatique |
| **Tagasuri:** | Arabella May Z. Soniega, Virgilio C. Boado, Gina A. Amoyen, Editha T. Giron, Gemma M. Erfelo, Rowena R. Abad, Renato R. Santillan, Maria Teresita R. Gapate |
| **Tagaguhit:** | Ernesto F. Ramos Jr., Rodel R. Rimando |
| **Tagalapat:** | Alvin D. Mangaoang |
| **Tagapamahala:** | Tolentino G. Aquino, Arlene A. Niro, Gina A. Amoyen, Editha T. Giron, Atty. Donato D. Balderas Jr., German E. Flora, Virgilio C. Boado, Alejo R. De Sesto |

**Inilimbag sa Pilipinas ng** _______________________

**Department of Education – Region I**
Office Address: Flores St., Catbangen, City of San Fernando, La Union
Telefax: (072) 682-2324; (072) 607-8137
E-mail Address: region1@deped.gov.ph

# 10

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 3:
## Sanaysay mula sa Greece
## (Panitikang Mediterranean)

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinomang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan naming magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kaming matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

# *Alamin*

Magandang araw mag-aaral! Magpapatuloy muli tayo sa pag-aaral. Nakararami na tayo ng mga napag-aralan ngunit mainam na madagdagan pa ito upang mas malinang ang iyong kakayahan. Maging matiyaga ka lang sa pag-aaral. Halika na't mag-aral na tayong muli.

Ang **Modyul 3** ay tatalakay sa Sanaysay mula sa Greece. Ang Greece (Gresya) ay matatagpuan sa pagitan ng Europe, Asia at Africa. Dito naganap ang Klasikong Kabihasnan; naging pangunahing bahagi ng Silangang Imperyong Romano at apat na siglo ng paghahari ng Imperyong Ottoman.

Tinaguriang "Duyan ng Sibilisasyong Kanluranin" at pinagmulan ng demokrasyang pamahalaan, pilosopiyang kanluranin, mga palarong Olimpiko, panitikang kanluranin, agham pampolitika, mga pangunahing prinsipyo ng karunungan, sining, agham, matematika at teatro. Kilala rin ang Greece na tahanan ng mga pilosopo ng klasikong panahon gaya nina Aristotle, Plato, Pythagoras, Socrates, Thales at iba pa.

Ang kultura ng Greece ay nagbago sa paglipas ng libong taon, simula sa Mycenaean Greece, ito ay patuloy na kapansin-pansin sa klasikal na Greece, sa pamamagitan ng impluwensiya ng Roman Empire at Byzantine Empire. Ang karamihan ng mga sinaunang tao sa bansang ito na namunay mula sa pagsasaka. Ang mga mamamayan ay madalas na nagkaroon ng lupa sa labas ng lungsod kung saan sila may kita.


Sa araling ito, inaasahang maipamamalas mo ang iyong pag-unawa at pagpapahalaga sa sanaysay na pinamagatang "Alegorya ng Yungib" na isinalin sa Filipino ni Willita A. Enrijo mula sa sanaysay na isinulat ng Griyegong Pilosopo na si Plato, ang *Allegory of the Cave*. Bahagi rin ng aralin ang pagtalakay sa mga pahayag sa pagbibigay ng pananaw na makatutulong para sa malalim na pag-unawa sa paksang nais ipabatid ng babasahing sanaysay.

Sa pag-aaral sa modyul na ito, inaasahang matatamo mo ang sumusunod:

**Mga Pinakamahahalagang Kasanayang Pampagkatuto (MELC)**

1. Naipaliliwanag ang pangunahing paksa at pantulong na mga idea sa napakinggang impormasyon sa radyo o iba pang anyo ng media. **(F10PN-1c-d-64)**
2. Nabibigyang-reaksiyon ang mga kaisipan o idea sa tinalakay na akda, ang pagiging makatotohanan / di-makatotohanan ng mga pangyayari sa sanaysay. **(F10PB-Ic-d-64)**
3. Natutukoy ang mga salitang magkakapareho o magkakaugnay ang kahulugan. **(F10Pt-Ic-d-63)**
4. Natatalakay ang mga bahagi ng pinanood na nagpapakita ng mga isyung pandaigdig. **(F10PD-Ic-d-63)**
5. Naitatala ang mga impormasyon tungkol sa isa sa napapanahong isyung pandaigdig. **(F10PU-Ic-d-66)**
6. Nagagamit ang angkop na mga pahayag sa pagbibigay ng sariling pananaw. **(F10WG-Ic-d-59)**

Halina't lakbayin natin ang Greece at tuklasin ang kultura, tradisyon at pag-uugali ng mga Griyego sa tulong ng kanilang sanaysay.



# *Subukin*

*Bago natin galugarin ang karunungang mula sa Greece, magkakaroon muna tayo ng paunang pagtataya. Sikapin mong sagutin ang mga kasunod na mga aralin para mataya kung ano ang mga dapat mo pang malaman sa mga susunod na pag-aaral.*

**PAUNANG PAGTATAYA**

A. Panuto: Basahin at unawain mong mabuti ang sumusunod na pangungusap. Isulat sa sagutang papel ang ***Tama*** kung ang pahayag ay tama, ***Mali*** kung hindi.

____________________ 1. Ang sanaysay ay nahahati sa iba't ibang mga kabanata.

____________________ 2. Ang tema ay ang sinasabi ng isang akda tungkol sa isang paksa.

____________________ 3. Ang larawan ng buhay ay tumutukoy sa pagpapahiwatig ng kulay o kalikasan ng damdamin.

____________________ 4. Ang anyo at estruktura ng sanaysay ay isang mahalagang sangkap sapagkat nakaaapekto ito sa pagkaunawa ng mga mambabasa.

____________________ 5. Hindi kinakailangan ng kasanayan sa pagsusulat ng sanaysay.

B. Panuto: Basahin at unawain mo ang sumusunod na pahayag at tanong. Isulat sa sagutang papel ang letra ng tamang sagot.

_____ 1. "Nakakadena ang mga binti at leeg kaya't di sila makagalaw." Paano binigyan-kahulugan ang salitang <u>kadena</u> sa loob ng pangungusap?

A. nagtataglay ng talinghaga
B. maraming taglay na kahulugan
C. taglay ang literal na kahulugan
D. wala sa nabanggit

_____ 2. Alin sa sumusunod ang <u>TOTOO</u> hinggil sa Alegorya?

A. nagsasalaysay ng mga pangyayari sa tauhan
B. may mga talinghaga o nakatagong mensahe
C. nagpapahayag ng damdamin
D. nagpapahayag ng kabayanihan

_____ 3. "Mas mabuting maging mahirap na alipin ng dukhang <u>panginoon</u>". Ang salitang may salungguhit ay nangangahulugang ______.

A. amo
B. bathala
C. Diyos
D. siga

_____ 4. Sa Alegorya ng Yungib ni Plato, ano ang tinutukoy niyang liwanag?

A. elemento ng kalikasan
B. edukasyon at katotohanan
C. kabutihan ng puso
D. kamangmangan at kahangalan

_____ 5. Ang sanaysay na Alegorya ng Yungib ay ukol sa dalawang taong nag-uusap. Ang marunong na si __________ at si ____________.
A. Socrates at Plato
B. Plato at Glaucon
C. Socrates at Glaucon
D. Glaucon at Pluto

C. Panuto: Punan ng angkop na ekspresiyon ang bawat pahayag upang mabuo ang konsepto ng pananaw sa bawat bilang. Piliin ang sagot sa loob ng kahon. Isulat ang sagot sa hiwalay na papel.

| | | |
|---|---|---|
| Sa ganang akin | Batay sa | Sa tingin ng |
| Sa palagay ng | Ayon sa | Pinaniniwalaan ko |

1. _________________ Counsels on Diet and Food ay binanggit na ang mga tinapay na tatlong araw nang nakaimbak ay mas mabuti sa ating katawan kung ihahambing sa bagong luto at mainit na tinapay.
2. _________________ maraming Pilipino, ang pagkapanalo ni Manny Paquiao sa sunod-sunod niyang laban ay nangangahulugang maipagpapatuloy pa ni Pacquiao ang kaniyang karera sa pagboboksing.
3. _________________, ang mga Pilipino ay higit na magiging mapanuri sa mga proyekto ng pamahalaan matapos mabatid ang matinding korapsiyon ng ilang politiko.
4. _________________ Department of Social Welfare and Development, mapanganib din sa mga bata ang paglalaro ng mga marahas na internet game lalo na't nasa developmental stage pa lamang ang isang bata.
5. _________________ mga makakalikasan, kailangang mamulat kahit na ang pinakabatang miyembro ng komunidad sa posibleng epekto ng climate change sa sangkatauhan upang magkaroon ng kamalayan sa tamang pangangalaga ng mundo.

*Mahusay! Nagawa mo ang paunang pagtataya. Kung mababa man ang iyong iskor, huwag mabahala sapagkat paunang pagtataya lamang ito. Ipagpatuloy mo lamang na aralin, unawain at sagutin ang mga gawain.*

# Aralin 1.1

# Sanaysay mula sa Greece
# Panitikan: Alegorya ng Yungib




## *Balikan*

*Sa nakaraang modyul, nalaman mo ang katuturan ng parabula maging ang mga piling pang-ugnay sa pagsasalaysay. Nabatid nating makatotohanan ang mensaheng hatid ng parabulang kapupulutan ng aral. Ngayon, ang sumusunod na isyung panlipunan ay makatotohang nagaganap sa kasalukuyan. Bilang pagbabalik-tanaw sa kasanayan sa nakaraang modyul, inaasahang isasagawa mo ang gawain gamit ang konsepto ng paggamit ng mga piling pang-ugnay sa pagsasalaysay. Kaya kung nakahanda ka na, simulan mo na.*

**Gawain 1: #PostKoPahayagKo**

Panuto: Mamili ng isa sa mga isyung nakasulat sa kahon na maaaring napanood sa telebisyon at social media o napakinggan sa radyo. Talakayin o magbigay ng opinyon tungkol dito gamit ang pang-ugnay. Kopyahin ang pormat ng callouts o *creative bubbles* sa iyong sagutang papel na pagsusulatan mo ng iyong sagot.

| | | |
|---|---|---|
| Buhay sa gitna ng COVID-19 Pandemic | Agawan ng teritoryo sa West Philippine Sea | Problema sa Basura |
| Pamahalaan at Simbahan | Same-sex Relationship | Laban kontra illegal na droga |




*Mahusay! Matagumpay mong naisagawa ang unang gawain. Magpatuloy ka lang at magagawa pang madagdagan ang iyong kaalaman.*

## *Tuklasin*

*Narito ang isang sanaysay mula sa bansang Greece. Basahin at unawain mo ito nang mabuti upang matuklasan ang mensaheng nais ipahiwatig ng akda. Pag-aralan kung masasalamin sa katauhan ng mga tauhan ang pag-uugali ng mga taong pinagmulan ng akda. Ang Alegorya ay isang estilo ng pagpapahayag na nagpapahiwatig o nagbubunyag ng mga nakatagong mensahe na kadalasan ay tungkol sa moral o politikal na pamumuhay. Mayroon itong mga talinghaga, na gumagamit ng mga karakter, lugar o pangyayari na representasyon ng mga isyu sa mundo.*

### Alegorya ng Yungib


*ni Plato*

*Isinalin sa Filipino ni Willita A. Enrijo*

At ngayon, sinasabi ko na hayaan mong ipakita ko ang isang anyo na dapat mabatid o hindi mabatid tungkol sa ating kalikasan: Pagmasdan! May mga taong naninirahan sa yungib na may lagusan patungo sa liwanag na umaabot sa kabuoan nito. Sila'y naroroon mula pagkabata at ang kanilang mga binti at leeg ay nakakadena kung kaya't hindi sila makagalaw, hadlang ito sa pagkilos pati ng kanilang mga ulo. Sa di kalayuan, sa taas at likod nila ay may apoy na nagliliyab, sa pagitan ng apoy at mga bilanggo may daang papataas. Kung ang paningin mo ay dadako sa mababang pader nito, maihahalintulad ito sa isang tabing na pinagtatanghalan ng mga puppet.

Nasilayan ko.

At nasilayan mo rin ba ang mga taong dumadaan sa pagitan ng mga dingding na may dala-dalang mga monumento at larawan ng mga hayop na likha sa kahoy at bato? Ang iba sa kanila ay nagsasalita, ang iba ay tahimik. Naipakita mo sa akin ang kakaiba nilang imahen. Sila nga ay kakaibang mga bilanggo.



*Muling iginuhit ni Rodel R. Rimando (2020). Larawan nina Plato at Glaucon.*

Katulad natin, ang tugon ko, na ang tangi nilang nakikita ay pawang sarili nilang mga anino? Totoo, ang sabi niya, paano nila makikita ang anoman kung hindi sila pinahihintulutang gumalaw maging ang kanilang mga ulo? At may mga bagay na dapat lamang dalhin sa paraang dapat lamang makita ng mga anino? Oo, sabi niya. At kung nakaya nilang hindi sumang-ayon sa isa't isa, hindi ba nila ipinalalagay na sila ay tumutukoy ng kung ano pa man para sa kanila?

Tunay nga.

At sa higit pang pagpapalagay na ang mga bilanggo ay may alingawngaw mula sa ibang dako, hindi ba nila natitiyak na baka guniguni lamang ito ng isang dumaan at may ipinagpapalagay tungkol sa pinagmumulan ng tinig?

Walang tanong-tanong, ang tugon.

Sa kanila, ang sabi ko, ang katotohanan ay walang kahulugan kundi ang anino ng mga imahen. Iyan ang tiyak. Ngayon, balikan muli natin kung ano ang likas na magaganap kung sakaling ang mga bilanggo ay maging malaya at 'di maaabuso sa kanilang pagkakamali. Sa una, kung ang isa sa kanila ay mapalalaya at biglang tumayo, lumingon, lumakad at tumingin patungo sa liwanag. Magdurusa sa sobrang sakit. Ito mismo ang magpapalungkot sa kaniya. Gayundin, hindi niya makikita ang dati niyang kalagayan sapagkat ang tanging makikita niya ay mga anino lamang. Pagkatapos isaisip, tinuran ng isa na ang kaniyang nakita noong una ay guniguni lamang, ngunit ngayon, siya ay papalapit na sa pagkatao. Nakikita niya, mayroon na siyang maliwanag na pananaw – ano ang magiging tugon niya?

O kaya'y, maaari mong isiping ang kaniyang guro ay nagtuturo ng mga bagay na dapat niya lamang kilalanin. Hindi ba siya nagugulumihanan? Hindi kaya siya mahumaling na ang anino na kaniyang nakita noong una ay mas tunay kaysa mga bagay na nakikita niya sa kasalukuyan?

Malayong katotohanan.

At kung siya ay napilitang tumingin nang diretso sa liwanag, wala ba siyang nararamdamang sakit upang siya'y magkubli sa nakikitang bagay? Kaniya bang aakalain na siya ay nasa katotohanang mas maliwanag kaysa mga bagay na nakikita sa kasalukuyan?

Totoo, ang sabi niya.

At kung ipinalalagay pang muli na siya ay atubiling hinila pataas sa matarik at bako-bakong daan hanggang sapilitan siyang makarating sa harap mismo ng araw, hindi ba siya mahihirapan at magagalit? Kapag nilapitan niya ang liwanag, ang kaniyang mga mata ay maaaring masilaw at hindi niya magagawang makita ang mga bagay-bagay sa kasalukuyan - ang katotohanan.

Hindi muna sa kasalukuyan, sabi niya.

Kailangang mahirati ang kaniyang paningin sa dakong itaas ng mundo. At makita niya nang maliwanag ang mga anino, kasunod ay ang repleksiyon ng tao at iba pang bagay sa tubig at ang mismong mga bagay. Pagkatapos, tititig siya sa liwanag ng buwan at mga bituin at sa maningning na kalangitan; at kaniyang makikita ang ulap at mga bituin sa gabi nang mas maningning kaysa liwanag ng araw na hatid ng umaga.

Tiyak.

Higit sa lahat, magkakaroon siya ng kakayahang makita ang araw, hindi lamang ang repleksiyon niya sa tubig kundi makikita niya ang sarili sa kinaroroonan, hindi sa iba pa man at siya ay makapagninilay-nilay kung sino siya.

Tiyak.

At siya ay makararating sa pagtatalo na siya mismo ay naglaan ng panahon. At ang gumagabay sa lahat ng ito ay yaong nakikita sa mundo, na naging dahilan upang siya at ang kaniyang kapwa ay masanay sa pagtitig. Maliwanag, sabi niya, una niyang makikita ang liwanag pagkatapos ang dahilan tungkol sa kaniyang sarili. At kung maalala niya ang dating tahanan at ang karunungan sa yungib pati ang mga kapwa bilanggo, hindi ba niya maipalalagay na mapaliligaya niya ang sarili sa pagbabago at kaawaan na lamang sila?

Tiyak at tumpak.


At kung sila ay nasanay na sa pagtanggap ng mga karangalan sa kung sino sa kanila ang mabilis na makapuna sa pagdaan ng mga anino at makapagsabi kung sino ang nakaranas niyon dati? Kung sinoman ang makapagpapasiya nang mahusay para sa kinabukasan, sa iyo bang palagay sino ang makapag-iingat sa tinatawag na dangal at kaluwalhatian? O kaya'y

kainggitan ba ang may taglay nito? Hindi ba niya babanggitin ang tinuran ni Homer.

"Mas mabuting maging mahirap na alipin ng dukhang panginoon." At matututuhang tiisin ang mga bagay kaysa isaisip ang kanilang ginagawa at mamuhay katulad ng kanilang gawi?

Oo, ang sabi niya. Sa palagay ko ay pipiliin niyang magtiis kaysa aliwin ang mga huwad na akala at mabuhay sa kahabag-habag na kalagayan.

Para makatiyak, sabi niya.



*Muling iginuhit ni Ernesto Ramos Jr. (2020). Larawan nina Plato at Glaucon.*

At kung mayroon mang paligsahan at kailangan niyang makipagtagisan sa pagsukat sa mga anino kasama ang mga bilanggo na kailanman ay di nakalaya mula sa yungib. Sa sandaling ang paningin ay nananatiling mahina, at bago ito maging matatag (may dapat isaalang – alang sa panahon na kakailanganin upang makamit ang bagong kalagayan ng paningin) hindi ba siya katawa-tawa? Sasabihin ng tao sa kaniya na ang pagpunta at pagdating niya nang wala ang mga paningin ay mas mabuti na hindi na lamang isaisip ang pag-unlad. At kung sinoman ang sumubok na palayain ang iba at gabayan patungo sa liwanag, hayaang hulihin ang nagkasala at dalhin nila sa kamatayan.

Walang tanong, ang sabi niya.

Ito ang kabuoan ng alegorya, ang sabi ko; maaari mong dagdagan mahal kong Glaucon ang mga dating katuwiran. Ang bilangguan ay mundo ng paningin, ang ilaw ng apoy ay ang araw. Hindi mo ako mamamali kung ipakakahulugan mo na ang paglalakbay papataas ay maging pag-ahon ng kaluluwa patungo sa intelektuwal na mundo batay sa mahina kong paniniwala. Aking ipinahahayag, ito ay batid ng Diyos maging tama man o mali. Ngunit tunay man o huwad, ang aking opinyon sa mundo ng karunungan ay ito, ang idea ng kabutihan ay nananatili sa huli at matatagpuan lamang nang may pagpupunyagi; at kapag ito'y natagpuan, ang lahat ng bagay na maganda at tama sa daigdig at ang pangunahing pinagmumulan ng dahilan at katotohanan ay yaong sinomang may kapangyarihang kumilos nang may katuwiran sa publiko o pribadong buhay. Samakatuwid kailangan na ang kaniyang mga mata ay may matibay na tuon para sa mga bagay na ito.

Sumasang-ayon ako, sabi niya, hanggat may kakayahan akong maunawaan ka. At ang sabi ko, huwag kang magtaka sa iba na may magandang pananaw na ayaw man lang magbahagi para sa kapakanan ng tao; para sa kanilang kaluluwa sa itaas ng mundo ay madali lamang kung saan sila'y naghahangad na manirahan; magiging likas ang kanilang paghahangad, kung ang ating alegorya ay mapagkakatiwalaan.

Oo, tunay na likas.

At mayroon bang bagay na nakapagtataka sa mga taong nakadaan mula sa banal na pagninilay-nilay patungo sa makasalanan nilang kalagayan o gumawa ng labag sa kagandahang-asal? Samantala, habang ang kaniyang mga mata ay kumukurap bago siya mahirati sa kadiliman, siya ay mapipilitang lumaban sa korte o sa ibang lugar, tungkol sa anino ng imahen ng katarungan at magpupunyaging maunawaan nang ganap ang katarungan.

Anoman, ngunit kamangha-mangha ang kaniyang tugon.

Sinoman ang may wastong pag-iisip ay mababatid na ang pagkalito ng mga paningin ay dalawang uri o nanggaling sa dalawang dahilan, maaaring mula sa paglabas ng liwanag o patungo sa liwanag. Kapag nakita niya na sinoman na may pananaw na magulo at mahina ay masasabing hindi pa handang humalakhak. Una niyang itatanong kung ang kaluluwa ba ng tao ay maghahatid nang maliwanag na buhay? O kaya'y maglalapit mula kadiliman patungo sa araw na labis na nakasisilaw? At kaniyang bibilangin ang maligayang kalagayan niya at siya ay maaawa sa iba o kung nasa isipan man niyang pagtawanan ang kaluluwa na nanggaling mula ilalim patungo sa liwanag, mayroon pang mga dahilan bukod dito kaysa mga halakhak na bumati sa kaniya at bumalik mula sa itaas ng liwanag patungo sa yungib.

Iyan, ang sabi niya na dapat itangi.

*Mahusay, binabati kita! Upang lubos mo pang maintindihan ang akda na binasa, makatutulong sa iyo ang pagsagot sa mga mahahalagang katanungan. Alam kong kayang-kaya mong sagutin ang sumusunod na katanungan dahil ikaw ay may malalim nang pang-unawa sa binasa.*

**Gawain 2: Paglinang ng Talasalitaan**

Panuto: Pagtambalin ang mga salitang nasa loob ng kahon na magkatulad o magkaugnay ang kahulugan at gamitin sa sariling pangungusap. Gayahin ang pormat na nasa ibaba sa iyong sagutang papel.

| | | | |
|---|---|---|---|
| nagliliyab | pagmasdan | malalim na pag-iisip | mahirati |
| pagmasid | mahirap | intelektuwal | mahumaling |

| Mga Salitang Pinagtambal: | | Pangungusap: |
|---|---|---|
| 1. ____________ | ____________ | 1. ______________________ |
| 2. ____________ | ____________ | 2. ______________________ |
| 3. ____________ | ____________ | 3. ______________________ |
| 4. ____________ | ____________ | 4. ______________________ |

**Gawain 3: Pagsusuri sa Sanaysay**

Panuto: Suriin ang sanaysay sa pamamagitan ng pagsagot sa mga gabay na tanong. Gayahin ang pormat sa iyong sagutang papel.

Paano sinimulan ni Plato ang kaniyang sanaysay?

Ano-ano ang naging pananaw ni Plato sa tinalakay niyang paksa?

Paano nagbigay ng kongklusyon si Plato sa kaniyang sanaysay?

**Gawain 4: Pag-unawa sa Akda**

Panuto: Sagutin ang sumusunod na katanungan. Isulat ang sagot sa hiwalay na papel.

1. Ibigay ang paksa ng sanaysay.
____________________________________________
____________________________________________
2. Sa unang bahagi ng sanaysay, paano nakilala ng mga bilanggo ang "*katotohanan*" ng mga bagay-bagay? Magbigay ng mga patunay. Bigyang-kahulugan ang naramdaman ng bilanggo nang siya ay makaalis sa yungib at matitigan ang liwanag ng apoy? Ano ang nais ipakahulugan ng pangyayaring ito?
____________________________________________
____________________________________________
3. Kung ang tinutukoy na mga tao sa yungib ay ang sangkatauhan, bakit sila tinawag na mga "*bilanggo*" ni Plato? Pangatuwiranan ang sagot.
____________________________________________
____________________________________________
4. Ipaliwanag ang mahalagang natutuhan ng bilanggo mula sa pagtingin sa liwanag na nasa labas ng yungib.
____________________________________________
____________________________________________
5. Paano ipinakilala ni Plato ang kahalagahan ng "*katotohanan*" at "*edukasyon*" sa buhay ng sangkatauhan? Ipaliwanag.
____________________________________________
____________________________________________



## ***Suriin***

*Basahin at unawain mo ang katuturan ng Sanaysay bilang isang akdang pampanitikang nagpapahayag ng opinyon. Gayon din upang masagot ang pokus na tanong na – paano makatutulong ang sanaysay na magkaroon ng kamalayan sa kultura at kaugalian ng isang bansa upang makabuo ng sariling pananaw?*

***Alam mo bang...***

**Sanaysay** ang tawag sa isang akdang pampanitikang nagpapahayag ng sariling opinyon o kuro-kuro. Isa itong uri ng akda na nasa anyong tuluyan?

- Makikita sa salitang "*sanaysay*" ang mga salitang "*sanay*" at "*salaysay.*" Kung pagdurugtungin ang dalawa, puwedeng sabihin ang "*sanaysay*" ay "*salaysay*" o masasabi ng isang "*sanay*" o eksperto sa isang paksa.
- Karaniwang ang paksa ng mga sanaysay ay tungkol sa mga kaisipan at bagay-bagay na maaaring kapulutan ng mga impormasyon na makatutulong sa pagbuo ng sariling pananaw.

**<u>Tatlong Bahagi o Balangkas ng Sanaysay</u>**

1. ***Simula*** – Sa bahaging ito madalas inilalahad ang pangunahing paksa, kaisipan o pananaw ng may-akda at kung bakit mahalaga ang paksang tinatalakay.

2. ***Gitna o Katawan*** – Inilalahad sa bahaging ito ang mga pantulong na idea at iba pang karagdagang kaisipan o pananaw kaugnay ng tinalakay na paksa upang patunayan, o suportahan ang inilahad na pangunahing kaisipan.
3. ***Wakas*** – Nakapaloob sa bahaging ito ang kabuoan ng sanaysay, ang pangkalahatang palagay o pasya tungkol sa paksa batay sa mga katibayan, at katuwirang inisa-isa sa katawan ng akda.

**Ang Pangunahing Paksa at mga Pantulong na Detalye**

1. ***Pangunahing Paksa*** – tumutukoy ito sa sentro o pangunahing tema sa talata. Kadalasan ay makikita sa unang pangungusap (simula) at/o huling pangungusap (konklusyon/wakas).
   *Halimbawa:*

   Kaming mag-asawa ay nagkakaroon ng mga problema. Ang aking asawa ay mahilig gumasta ng pera, samantalang ako ay matipid. Mahilig din siyang lumabas ng gabi kung kailan naman tulog na ako. Gusto rin niya ng mga isport pero ayaw ko naman ng mga iyon.

2. ***Mga Pantulong na Detalye*** – mga mahahalagang kaisipan o mga susing pangungusap na may kaugnayan sa paksang pangungusap.
   *Halimbawa:*

   Kaming mag-asawa ay nagkakaroon ng mga problema. Ang aking asawa ay mahilig gumasta ng pera, samantalang ako ay matipid. Mahilig din siyang lumabas ng gabi kung kailan naman tulog na ako. Gusto rin niya ng mga isport pero ayaw ko naman ng mga iyon.

**Mga Elemento ng Sanaysay**

1. ***Tema*** – Madalas na may iisang tema ang sanaysay. Ang tema ay ang sinasabi ng isang akda tungkol sa isang paksa. Bawat bahagi ng akda ay nagpapalinaw ng temang ito.
   *Halimbawa:*

   Dito sa Pilipinas, ang asawang babae ang siyang naghahawak ng susi. Ang lahat ng kinikita ng asawa ay ibinibigay sa kaniya upang ingatan at gugulin sa wastong paraan.

   *Sa halimbawang ito, litaw na ang iisang tema ay pumapatungkol sa asawang babae.*

2. ***Anyo at Estruktura*** – Ang anyo at estruktura ng sanaysay ay isang mahalagang sangkap sapagkat nakaaapekto ito sa pagkaunawa ng mga mambabasa. Ang maayos na pagkakasunod-sunod ng idea o pangyayari ay makatutulong sa mambabasa sa pag-unawa sa sanaysay.
   *Halimbawa:*

   *Panimula:*

   Sadyang isang hamon ang buhay ngayon. Kailangang harapin ito nang buong tatag.

   *Katawan:*

   Ngayong bata ka pa dapat ay mulat ka sa nagaganap sa kapaligiran mo. Masdan ang ilang pamilyang nakatira sa ilalim ng tulay o gilid ng mga gusali. Kontento na sila sa paghingi o pasahod-sahod ng kamay, naglilimos sa mga nagdaraan. Pero may magagawa ka pa upang hindi sila maging pabigat sa lipunan.

   *Wakas:*

   "Ang bawat tao ay may natatagong kakayahan na dapat paunlarin."

*Sa halimbawang ito, malinaw na ipinakikita ang wastong banghay ng pagsulat ng isang sanaysay upang maging maayos ang pagkakasunod-sunod ng mga idea.*

3. ***Kaisipan*** - Mga ideyang nabanggit na kaugnay o nagpapalinaw sa tema.
   *Halimbawa:*
   Dapat mulat ka sa mga nagaganap sa iyong kapaligiran.

4. ***Wika at Estilo*** – Ang uri at antas ng wika at estilo ng pagkakagamit nito ay nakaaapekto rin sa pag-unawa ng mambabasa, higit na mabuting gumamit ng simple, natural at matapat na mga pahayag. Paggamit ng mga simple o payak na salita sa sanaysay na impormal o di-maanyo samantalang sa pormal o maanyo ay ang paggamit ng piling mga salita.
   *Halimbawa:*
   Sadyang mahirap ang buhay ngayon.

   *Ang halimbawang ito ay impormal o di-maanyo dahil simple lamang ang salita.*

5. ***Larawan ng Buhay*** – Nailalarawan ang buhay sa isang makatotohanang salaysay, masining na paglalahad na gumagamit ng sariling himig ang may-akda.
   *Halimbawa:*
   Masdan ang ilang pamilyang nakatira sa ilalim ng tulay o gilid ng mga gusali. Kontento na sila sa paghingi o pasahod-sahod ng kamay, naglilimos sa mga nagdaraan.

   *Sa halimbawang ito, hinahayaan niyang makita ng mambabasa sa kaniyang isipan ang malinaw na larawan ng buhay ng kahirapan.*

6. ***Damdamin*** – Naipahahayag ng isang magaling na may-akda ang kaniyang damdamin nang may kaangkupan at kawastuhan sa paraang may kalawakan at kaganapan.
   *Halimbawa:*
   Sa una, kung ang isa sa kanila ay mapalalaya at biglang tumayo, lumingon, lumakad at tumingin patungo sa liwanag. Magdurusa sa sobrang sakit. Ito mismo ang magpapalungkot sa kaniya.

   *Sa halimbawang ito, litaw ang damdamin ng pagdurusa at pagkalungkot.*

7. ***Himig*** – Nagpapahiwatig ng kulay o kalikasan ng damdamin. Maaaring masaya, malungkot, mapanudyo at iba pa.
   *Halimbawa:*
   Sila'y naroroon mula pagkabata at ang kanilang mga binti at leeg ay nakakadena kung kaya't hindi sila makagalaw, hadlang ito sa pagkilos pati ng kanilang mga ulo.

   *Sa halimbawang ito, hindi direktang nabanggit ang damdamin ngunit mapapansin pa rin ito dahil sa himig ng pananalita.*

**Mga Dapat Tandaan sa Pagsulat ng Sanaysay**

1. ***Huwag pabago-bago*** – Ang pagbabago ng paraan ng pananalita o kaya wika ay nagbibigay-hudyat sa mga mambabasang magbago, kaya huwag magsulat nang taliwas sa paksa kung wala namang bagong sasabihin. Sa madaling salita, huwag baguhin ang iyong estilo maliban na lamang kung naaayon ito sa iyong layunin.
   Maging konsistent sa:
   - *Panauhan* – una (ako, tayo); ikalawa (ikaw); ikatlo (siya, sila)
   - *Bilang* – isahan o maramihan
   - *Kapanahunan* – pangnakaraan, pangkasalukuyan, panghinaharap
   - *Pananalita* – pormal o di-pormal


2. ***Pagkakaugnay-ugnay*** – tiyaking ang iyong pagtatalakay ay may maayos na pagkakasunod-sunod at akma sa iyong paksa, mambabasa at layunin.
   - Huwag basta-bastang magsulat ng ibang idea dahil lamang bigla itong sumagi sa iyong isipan.
   - Kahit ang maliliit na bagay ay mahalagang naaayon pa rin sa wastong pagkakasunod-sunod ng idea.
   - Maglagay ng palatandaan sa bawat paksa na magiging hudyat sa mga mambabasa ng kaugnayan nito.
   - Gumamit ng mga *transitional devices* upang maipakita ang ugnayan ng talata sa panibagong talata.

3. ***Nilalaman***
   - Gamitin ang iyong panimula na magsasabi sa mga mambabasa kung ano ang kanilang babasahin at kung bakit ito mahalaga. Sa madaling sabi, bigyan ang iyong mga mambabasa ng dahilan upang magbasa.
   - Sagutin ang maaaring tanong ng mga mambabasa na: “Eh ano ngayon?” Hindi nangangahulugang dahil ang kabuluhan, implikasyon, at/o kahihinatnan ay malinaw sa iyo ay agad na magiging malinaw ito sa iyong mga mambabasa.
   - Gamitin ang iyong kongklusyon upang ipaalala sa mga mambabasa ang kahulugan o kabuluhan ng kanilang binasa.


*Batid kong marami kang nalaman tungkol sa sanaysay. Upang mailapat ang napag-aralan mo, isagawa mo na ang kasunod na gawain.*

**Gawain 5: Larawan ng Buhay**

Panuto: Mula sa natutuhang kaalaman hinggil sa sanaysay, sumulat ng maikling salaysay tungkol sa larawan ng yungib sa ibaba at iugnay ito sa mga isyung panlipunan. Isulat sa sagutang papel ang sagot.



*Binabati kitang muli, mahal kong mag-aaral sa lumalawak mong kaalaman at pag-unawa sa ating aralin! Magpatuloy ka lang.*



## Pagyamanin

*Sa bahaging ito ay iyong pagninilayan ang kahalagahan ng mga matatalingahang pahayag mula sa Sanaysay na "Alegorya ng Yungib" at kung ano ang ipinahihiwatig ng mga ito.*

**Gawain 6: Makatotohanan o Hindi Makatotohanan?**
Panuto: Suriin kung makatotohanan o hindi makatotohanan ang bawat pahayag na hinango mula sa nabasang akda. Isulat ang iyong reaksiyon sa isang sagutang papel.

1. "Nakakadena ang mga binti at leeg kaya't di sila makagalaw."
2. "Mas mabuting maging mahirap na alipin ng dukhang panginoon."
3. "Magtiis kaysa aliwin ang mga huwad na akala."


*Binabati kita sa iyong masigasig na pagsagot sa mga katanungan. Sa bahaging ito, inaasahang mababatid mo ang tungkol sa mga angkop na pahayag sa pagbibigay ng mga pananaw.*



## Isaisip

**Gawain 7: Pagkatuto at Pagpapahalaga**
Panuto: Upang subukin ang iyong mga natutuhan sa ating aralin, punan ang sumusunod na talahanayan.

| Ano ang iyong mga natutuhan sa Sanaysay? | Para sa iyo, gaano ito kahalaga? |
|---|---|
| | |
| | |
| | |



## Isagawa

*Alam kong malalim na ang kaalaman mo sa sanaysay. Sa pagkakataong ito'y paiigtingin pa natin ang iyong pagkatuto sa pamamagitan ng pagsagot sa gawain.*

**Gawain 8: Panoorin Mo!**

Panuto: Panoorin ang dokumentaryo ni Raffy Tima ng I-Witness (GMA 7) na may pamagat na "Pinoy Frontliners" sa link na ito https://www.youtube.com/watch?v=xCp4d-0MYTg. Matapos panoorin, sagutin ang mga tanong na sumusunod sa iyong sagutang papel.

1. Ano ang pangunahing paksa ng napanood na dokumentaryo?
2. Ano-ano ang mga pantulong na mga idea sa napanood na impormasyon sa dokumentaryo?
3. Ano ang iyong reaksiyon sa napanood mong dokumentaryo tungkol sa mga "Pinoy Frontliners"? Bumuo ng maikling sanaysay.

# Aralin 1.2 Wika at Gramatika: Mga Pahayag sa Pagbibigay Pananaw



## Balikan

*Nasisiyahan ako sa ginawa mong pagsagot sa mga katanungan sa nakaraang aralin. Magaling! Binabati kita. Ngayon naman, isagawa mo pa ang kasunod na mga gawain upang malinang natin ang iyong kasanayan sa wika at gramatika. Kaya halika na kaibigan, magpatuloy ka na.*

**Gawain 1: Ekspresiyon Ko, Salungguhitan Mo!**

Panuto: Basahin ang sanaysay at salungguhitan ang mga salitang sa tingin mo'y nagpapahayag ng pananaw.

**Edukasyon sa Panahon ng COVID-19 Pandemic**
*ni Virgilio C. Rendon*

"Ang pagmulat sa katalinuhan ay pagtakas sa kamangmangan," isang patunay na ang edukasyon ang siyang pundasyon para sa kalinangan ng indibidwal.

Sa kabilang dako, maraming alinlangan ang nais bigyan ng kasagutan kung pag-uusapan ay ang edukasyon sa panahon ng pandemic.

Alinsunod sa mga batas na ipinatutupad ng Pamahalaan na sinusuportahan ng Kagawaran ng Edukasyon, dapat makiisa ang bawat mamamayan at hindi puro reklamo ang mamumutawi sa bibig.

Sa paniniwala ko, ang pagpapatupad ng On Line Classes o maging paggamit ng modyul para sa paghubog ng kaalaman ng isang indibidwal ay hindi nangangahulugan na walang matututunan ang mag-aaral. Pakatandaan, pansamantala lamang ang ganitong kalagayan kapag nahanap na ang kasagutan sa pandemyang ito.

Sa tingin ko, ang pagkatuto ng mga mag-aaral ay hindi lamang dapat nakasalalay sa mga guro kundi maging sa mga magulang sa pagbibigay patnubay at suporta sa kanilang mga anak.



## *Tuklasin*

*Magaling at naisakatuparan mo ang unang gawain. Ngayon, sunod mo namang babasahin ang sanaysay na may pamagat na "Ang Ningning at Ang Liwanag" mula sa "Liwanag at Dilim" na isinulat ni Emilio Jacinto. Unawain mo ang nilalaman nito at bigyang-pansin ang mahahalagang papel ng sanaysay.*

### Ang Ningning at Ang Liwanag

*mula sa Liwanag at Dilim ni Emilio Jacinto*

Ang ningning ay nakasisilaw at nakasisira ng paningin. Ang liwanag ay kinakailangan ng mata, upang mapagwari ang buong katunayan ng mga bagay-bagay.

Ang bubog kung tinatamaan ng nag-aapoy na sikat ng araw ay nagniningning; ngunit sumusugat sa kamay ng nagaganyak na dumampot. Ang ningning ay madaya.

Ating hanapin ang liwanag, tayo'y huwag mabighani sa ningning. Sa katunayan ng masamang nakaugalian: Nagdaraan ang isang karwaheng maningning na hinihila ng kabayong matulin. Tayo'y nagpupugay at ang isasaloob ay mahal na tao ang nakalulan. Datapwa'y marahil naman ay isang magnanakaw; marahil sa ilalim ng kaniyang ipinatatanghal na kamahalan at mga hiyas na tinataglay ay natatago ang isang pusong sukaban.

Nagdaraan ang isang maralitang nagkakanghihirap sa pinapasan. Tayo'y mapangingiti at isasaloob: Saan kaya ninakaw? Datapwa'y maliwanag nating nakikita sa pawis ng kanyang noo at sa hapo ng kaniyang katawan na siya'y nabubuhay sa sipag at kapagalang tunay.

Ay! Sa ating pang-uga-ugali ay lubhang nangapit ang pagsamba sa ningning at pagtakwil sa liwanag. Ito na nga ang dahilang isa pa na kung kaya ang tao at ang bayan ay namumuhay sa hinagpis at dalita.

Ito na nga ang dahilan kung kaya ang mga loob na inaakay ng kapalaluan at ng kasakiman ay nagpupumilit na lumitaw na maningning, lalong-lalo na ang mga hari at mga pinuno na pinagkatiwalaan ng sa ikagiginhawa ng kanilang mga kampon, at walang ibang nasa kundi ang mamalagi sa kapangyarihan sukdang ikainis at ikamatay ng bayan na nagbigay sa kanila ng kapangyarihang ito.

Tayo'y mapagsampalataya sa ningning; huwag nating pagtakhan na ang ibig mabuhay sa dugo ng ating mga ugat ay magbalatkayo ng maningning.

Ay! Kung ang ating dinudulugan at hinahainan ng puspos na galang ay ang maliwanag at magandang-asal at matapat na loob, ang kahit sino ay walang mapagningning pagkat di natin pahahalagahan at ang mga isip at akalang ano pa man ay hindi hihiwalay sa maliwanag na landas ng katwiran.

Ang kaliluhan at ang katampalasan ay humahanap ng ningning upang huwag mapagmalas ng mga matang tumatanghal ang kanilang kapangitan; ngunit ang kagalingan at ang pag-ibig na dalisay ay hubad, mahinhin, at maliwanag na napatatanaw sa paningin.

Mapalad ang araw ng liwanag!

Ay! Ang anak ng bayan, ang kapatid ko, ay matuto kayang kumuha ng halimbawa at lakas sa pinagdaanang mga hirap at binatang mga kaapihan?

*Mula sa Panitikan ng Pilipinas nina Panganiban at Panganiban, 1998*

**Gawain 2: Pagpapalawak ng Kaalaman**

Panuto: Sagutin ang sumusunod na tanong. Isulat ang sagot sa hiwalay na papel.

1. Ano ang pangunahing kaisipan ng binasang sanaysay?
   ________________________________________
   ________________________________________
2. Isa-isahin ang pagkakaiba ng ningning at liwanag ayon sa sanaysay.
   ________________________________________
   ________________________________________
3. Tukuyin ang mga pangyayaring binanggit ng may-akda tungkol sa kalagayang palipunan noong panahong naisulat ito.
   ________________________________________
   ________________________________________
4. Batay sa sanaysay, ano ang layunin ni Jacinto sa pagsulat nito?
   ________________________________________
   ________________________________________
5. Sa sanaysay na nabasa, magbigay ng tigdadalawang bahaging nagpapatunay na ito'y nagpapahayag ng opinyon o katotohanan?
   ________________________________________
   ________________________________________



## *Suriin*

*Binabati kita sa iyong masigasig na pagsagot sa mga katanungan. Sa bahaging ito, inaasahang mababatid mo ang tungkol sa mga angkop na pahayag sa pagbibigay ng mga pananaw.*

***Alam mo bang ang mga...***

**Pahayag sa Pagbibigay ng Pananaw** ay magagamit sa mabisang pagbibigay ng kuro-kuro, opinyon, saloobin o perspektibo sa pagsulat ng sanaysay? Maaari itong ekspresiyong ginagamit sa pagpapahayag ng pananaw at nagpapahiwatig ng pagbabago o pag-iiba ng paksa at/o pananaw. Ito rin ang tutukoy kung ang pahayag sa isang teksto ay nagsasaad ng *Opinyon* o *Katotohanan*.

**Mga Ekspresiyong Nagpapahayag ng Pananaw** – Inihuhudyat ng mga ekspresiyong ito ang iniisip, sinasaad, sinasabi o paniniwalaan ng isang tao.

1. ***Ayon, Batay, Alinsunod, Sang-ayon sa*** – ginagamit natin ang mga ekspresiyong ito kung mayroong matibay na batayan ng pahayag. Samakatuwid, katotohan ang isinasaad nito na maaaring magsaad ng idea o pangyayaring napatunayan at tanggap ng lahat ng tao.
   *Mga Halimbawa:*
   a. *Sang-ayon* sa Memorandum Order No. 20: Series of 2013 ng Commision On Higher Education na pinagtitibay ang pagkawala ng Filipino bilang isa sa mga asignatura sa ilalim ng General Education Curriculum o GEC sa taong 2016.
   b. *Batay sa* Konstitusyon 1987: Artikulo XIV, Seksyon 6, ang wikang pambansa ng Pilipinas ay Filipino.
   c. *Alinsunod sa* itinakda ng batas at sang-ayon sa nararapat na maaaring ipasya ng Kongreso, dapat magsagawa ng mga hakbangin ang Pamahalaan upang ibunsod at puspusang itaguyod ang paggamit ng Filipino bilang midyum ng opisyal na komunikasyon bilang wika ng pagtuturo sa sistemang pang-edukasyon.”
   d. *Ayon sa* tauhang si Simoun sa El Filibusterismo, “Habang may sariling wika ang isang bayan, taglay niya ang kalayaan.”

2. ***Sa paniniwala, akala, pananaw, paningin, tingin, palagay, inaakala, iniisip ni/ng*** – ginagamit ang mga ekspresyong ito batay sa sariling paniniwala, idea, saloobin at perspektibo. Samakatuwid, opinyon ang isinasaad nito na hindi maaaring mapatunayan.
   *Mga Halimbawa:*
   a. *Sa paniniwala* ko ang pagkakaroon ng isang mataas at matibay na edukasyon ay isang saligan upang mabago ang takbo ng isang lipunan tungo sa pagkakaroon ng isang masaganang ekonomiya.
   b. Sa aking *pananaw* ang edukasyon ay kailangan ng ating kabataan sapagkat ito ang kanilang magiging sandata sa buhay sa kanilang kinabukasan.
   c. *Sa tingin* ng maraming guro, ang pagkatuto ng mga mag-aaral ay hindi lamang nakasalalay sa kanila kundi maging sa mga magulang sa pagbibigay ng patnubay at suporta sa kanilang mga anak.
   d. *Pinaniniwalaan* kong higit na dapat pagtuonan ng pamahalaan ang isyu tungkol sa lumalalang kalagayan ng ating kalikasan.
   e. *Inaakala* ng iba na hindi mahigpit sa pagpapataw ng kaparusahan ang DENR kaya patuloy silang lumalabag sa batas pangkalikasan.

**Mga ekspresiyong nagpapahiwatig ng pagbabago o pag-iiba ng paksa at/o pananaw** – Kabilang dito ang sumusunod na halimbawa. Gayonman, mapapansing ‘di tulad ng naunang mga halimbawa na tumitiyak kung sino ang pinagmumulan ng pananaw, nagpapahiwatig lamang ng pangkalahatang pananaw ang sumusunod na halimbawa:

1. ***Sa isang banda, Sa kabilang dako*** – ginagamit natin mga ekspresyong ito kung magbabago ang tema at paksa ng pinag-uusapan sa isang pahayag.
   *Mga Halimbawa:*
   a. *Sa isang banda,* mabuti na ngang nalalaman ng mamamayan ang mga anomalya sa kanilang pamahalaang lokal nang sa gayo’y masuri nila kung sino ang karapat-dapat na ihalal para mamuno sa kanilang lungsod.

b. *Sa kabilang dako,* sa dami ng naglalabasang isyung pampolitika hindi tuloy malaman ng sambayanan kung ano ang kahihinatnan ng bansa sa kamay ng mga politikong pinagkatiwalaang mamuno dito.

2. **Samantala, Habang** – ginagamit ang *samantala* sa mga kalagayang mayroong taning o "pansamantala." Ginagamit naman ang *habang* kung ang isang kalagayan ay walang tiyak na hangganan, o "mahaba."
   *Mga Halimbawa:*
   a. *Samantala,* mamamayan mismo ang makapagpapasya kung paano nila nais makita ang kanilang bansa sa susunod na mga taon. Matalinong pagpapasya ang kailangan kung sino ang karapat-dapat pagkatiwalaan ng kanilang boto.
   b. Maraming mga tao ang lugmok sa kahirapan *habang* ang iba ay nagpapakasasa sa kaban ng bayan.


**Gawain 3: Pagsasanib ng Gramatika at Retorika**
Panuto: Isulat sa iyong sagutang papel ang mga ekspresiyong ginamit sa pagpapahayag ng konsepto ng pananaw o ekspresiyong nagpapahiwatig ng pagbabago o pag-iiba ng paksa o pananaw.

A. (1) Ang Pilipinas ay isang bansang arkipelago kaya hindi kataka-takang ang mga pulo sa buong bansa ay tigib ng mga kayamanang-dagat na maipagkakaloob ng iba't ibang uri ng damong-dagat. (2.) Sa isang pag-aaral na isinagawa ni Dr. Gabino C. Trono Jr., isang propesor ng Botanya sa Kolehiyo ng Sining at Agham ng Unibersidad ng Pilipinas, ipinakita niya ang pangangailangang linangin ang kayamanang-dagat para makatulong sa sumusulong na ekonomiya ng Pilipinas. (3.) Ayon sa kaniya, maraming damong-dagat na makikita sa dagat ng Pilipinas bagaman iilan pa lamang sa mga ito ang nalilinang para magkaroon ng kabuluhang komersiyal.

B. (1.) Sa kasalukuyan, ang pangunahing suliraning kinahaharap ng Morocco ay ang isyung pangkalikasan. (2.) Ang polusyon sa bansa ay isang salik na nagpapahirap dito. Ang tubig ay kontaminado ng dumi sa alkantarilya o padaluyan. Higit pa rito, ang pagtagas ng langis ay hindi natugunan nang maayos. (3.) Ayon sa isang kritiko, ang isyung pangkalikasan ay hindi binibigyan nang seryosong tuon ng pamahalaan. Sa tingin niya, makatutulong ang pagdaragdag ng irigasyon o patubig sa kabukiran upang maiwasan ang pagkatuyo ng mga pananim na sanhi ng pagpigil sa pagdaloy ng kontaminadong tubig.

C. (1) Ang eksportasyon ng mga kalakal ay may malaking naitutulong sa pagpasok ng salaping dayuhan o dolyar sa bansa sapagkat kailangan ng isang bansa ang dolyar upang ang napagbilhan ay ibibili naman ng kalakal na hindi lokal na naipoprodyus. (2.) Ang pagbili ng kalakal sa isang bansa mula sa ibang bansa gaya ng langis at mga kaugnay na produkto ay tinatawag na pag-aangkat o importasyon. (3.) Sa isang banda, masasabing mahalaga ang ganitong hakbangin para sa isang maunlad na bansa.

D. (1.) Ayon sa isang magulang na Pranses, patuloy siyang magpoprotesta laban sa panukalang batas tungkol sa pagiging legal ng kasal ng dalawang taong nagmamahalan na may parehong kasarian. Sa ganang kaniya, mahalagang ipaglaban at ipabatid sa mamamayan "ang kahalagahan ng pamilya." (2.) Kaugnay nito, isa sa pinakamalaking protesta laban sa "same-sex marriage" ay naganap nang magsama-sama ang mamamayan mula sa iba't ibang probinsiya ng France. (3.) Ang panukalang batas na ito ay nagbunsod ng samot-saring karahasan sa bansang France. Naghatid din ito ng ingay sa iba pang bansa



# Pagyamanin

*Mahusay, binabati kita! Upang lubos mo pang maintindihan ang ating paksa, muli mong isagawa ang iba pang gawaing inihanda para sa iyo. Alam kong kayang-kaya mo ito.*

**Gawain 4: Share-It Mo Naman**

Panuto: Gamitin ang sumusunod na salita sa paglalahad ng iyong pananaw tungkol sa napapanahong isyung pandaigdig na nakasulat sa kahon. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

| | | |
|---|---|---|
| ayon sa | sa palagay ko | sa kabilang banda |
| batay sa | sa ganang akin | sa kabilang dako |
| sang-ayon sa | sa tingin ko | samantala |

**Buhay sa gitna ng COVID-19 Pandemic**

**PAMUMUHAY**
Pananaw:
________________________________
________________________________
________________________________

**EDUKASYON**
Pananaw:
________________________________
________________________________
________________________________

**POLITIKA**
Pananaw:
________________________________
________________________________
________________________________

**KARAPATANG PANTAO**
Pananaw:
________________________________
________________________________
________________________________



## Isaisip

*Sa bahaging ito ay iyong pagninilayan ang mga nilalaman ng modyul na ito at ang iyong mga pananaw hinggil sa iba't ibang bagay na ilalahad ko bilang iyong guro. Muli, ikaw ay aking binabati at ako'y lubos na humahanga sa iyong ipanakikitang determinasyon at angking talino.*

**Gawain 5: Ako, Ang Wika at Gramatika**

Panuto: Sagutin nang buong husay ang mga tanong sa iyong sagutang papel.

1. Ano-ano ang mga natutuhan mo sa bahaging ito ng modyul?


   ______________________________________________________________________

   ______________________________________________________________________

2. Para sa iyo, ano ang kahalagahan ng pag-aaral natin sa mga pahayag sa pagbibigay ng pananaw?

   ______________________________________________________________________

   ______________________________________________________________________



## Isagawa

*Upang matiyak mo kung talagang naintidihan ang araling ating tinalakay sa mga nagdaang araw isagawa ang nasa ibaba.*

**Gawain 6: GRASPS**

| | |
|---|---|
| ***Goal*** | Ikaw ay sasali sa isasagawang Photo-essay exhibit ng inyong paaralan. Gumupit o humanap ng larawan ng napapanahong isyung pandaigdig at idikit ito sa isang coupon bond. Pagkatapos, sumulat ng maikling sanaysay kaugnay sa larawan gamit ang mga pahayag o ekspresiyon sa pagbibigay ng pananaw. |
| ***Role*** | Ikaw ay magiging Photojournalist, Photoessayist, reporter, researcher |
| ***Audience*** | Guro, mga kapwa mag-aaral. |
| ***Situation*** | Ipagpalagay na ikaw ay sasali sa isang Photo Essay Exhibit |
| ***Product*** | Malikhaing Photo Essay na ang paksa ay tungkol sa mga napapanahong isyu |
| ***Standards*** | A. Akma sa temang napili............................................ 20 puntos<br>B. Paraan ng paglalahad ng kaisipan.............................. 30 puntos<br>C. Pagsunod sa balangkas ng sanaysay.......................... 20 puntos<br>D. Mabisang paggamit ng mga eskspresiyon.....................20 puntos<br>E. Dating..................................................................10 puntos<br>Kabuoan..............................................................100 puntos |



# Tayahin

*Mahusay! Binabati kita dahil nakaabot ka sa parteng ito. Tiyak marami kang natutuhan sa iba't ibang mga aralin sa Modyul na ito. Ngayon, ating tatayahin ang iyong kaalaman sa nakalipas na aralin.*

**PANGWAKAS NA PAGTATAYA**

A. Panuto: Basahin at piliin mo sa Kolum B ang tamang kahulugan ng mga elemento at bahagi ng sanaysay na nasa Kolum A. Isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong papel.

| KOLUM A | KOLUM B |
|---|---|
| _____ 1. Himig | A. saloobin ng isang may-akda |
| _____ 2. Larawan ng Buhay | B. nagpapagiwatig ng kulay o kalikasan |
| _____ 3. Wika at Estilo | C. matatalinghagang pahayag |
| _____ 4. Tema | D. inilalahad ang pangunahing kaisipan |
| _____ 5. Panimula | E. sinusuportahan nito ang unang kaisipan |
| _____ 6. Gitna | F. nakapaloob ang kabuoan ng sanaysay |
| _____ 7. Anyo at Estruktura | G. nagsasabi ng tungkol sa isang paksa |
| _____ 8. Kaisipan | H. maayos na pagkakasunod-sunod |
| _____ 9. Damdamin | I. kaugnay o nagpapaliwanag sa tema |
| _____ 10. Wakas | J. paggamit ng simple at payak na salita |
| | K. nailalarawan ang buhay |

B. Panuto: Basahin at unawain mo ang sumusunod na pahayag. Isulat sa sagutang papel ang letra ng tamang sagot.

_____ 1. Ang sanaysay na Alegorya ng Yungib ay ukol sa dalawang taong nag-uusap. Ang marunong na si __________ at si ____________.
A. Socrates at Plato
B. Plato at Glaucon
C. Socrates at Glaucon
D. Glaucon at Pluto

_____ 2. Sa Alegorya ng Yungib ni Plato, ano ang tinutukoy niyang liwanag?
A. elemento ng kalikasan
B. edukasyon at katotohanan
C. kabutihan ng puso
D. kamangmangan at kahangalan

_____ 3. "Nakakadena ang mga binti at leeg kaya't di sila makagalaw." Paano binigyan-kahulugan ang salitang kadena sa loob ng pangungusap?
A. nagtataglay ng talinghaga
B. maraming taglay na kahulugan
C. taglay ang literal na kahulugan
D. wala sa nabanggit

_____ 4. “Mas mabuting maging mahirap na alipin ng dukhang <u>panginoon</u>”. Ang salitang may salungguhit ay nangangahulugang ______.
A. amo
B. bathala
C. Diyos
D. siga

_____ 5. Alin sa sumusunod ang <u>TOTOO</u> hinggil sa Alegorya?
A. nagsasalaysay ng mga pangyayari sa tauhan
B. may mga talinghaga o nakatagong mensahe
C. nagpapahayag ng damdamin
D. nagpapahayag ng kabayanihan


C. Panuto: Sipiin sa isang hiwalay na papel ang mga pangungusap at punan ng angkop na ekspresiyon ang bawat pahayag upang mabuo ang konsepto ng pananaw sa bawat bilang. Piliin ang sagot sa loob ng kahon.

| | | |
|---|---|---|
| Sang-ayon sa | Sa paniniwala ko | Inaakala ng |
| Ayon sa | Alinsunod sa | Sa tingin ko |

1. ________________ tauhang si Psyche sa Mitolohiya, “Kapag mahal mo ang isang nilalang, ipaglalaban mo ito.”
2. ________________ Ordinansa, upang maiwasan ang pakalat-kalat na mga alagang hayop, nagpanukala ang bayan na “aso mo, itali mo.”
3. ________________, kahit maraming problema sa pamilya, hindi ito ang hadlang upang makamit niya ang tagumpay sa buhay.
4. ________________ maraming mag-aaral, ang tanging makapagpapaunlad sa kanilang pamumuhay ay ang makapagtapos ng pag-aaral.
5. ________________, kailangan ang pagkakaisa ng mamamayan upang mapalago at mapaunlad ang pamumuhay ng indibidwal sa isang lipunang kinagagalawan o kinabibilangan.



*Napakahusay! Natapos mo rin ang aralin. Sana’y naiwan sa iyong isipan ang lahat ng mga napag-aralan natin sa Sanaysay ng Greece at sa mga pahayag sa pagbibigay ng pananaw. Nawa’y magamit mo ito sa pagsusulat mo ng Sanaysay. Bagaman tapos na tayo sa araling ito. Ihandang muli ang iyong sarili sa panibago na namang aralin –* ***Modyul 4 (Epiko mula sa Iraq / Sinaunang Mesopotamia)***.



# Susi sa Pagwawasto

**PAUNANG PAGTATAYA**

| A. | B. | C. |
|---|---|---|
| 1. MALI | 1. A | 1. Batay sa |
| 2. TAMA | 2. B | 2. Sa tingin ng |
| 3. MALI | 3. A | 3. Sa ganang akin |
| 4. TAMA | 4. B | 4. Ayon sa |
| 5. MALI | 5. C | 5. Sa palagay ng |

**ARALIN 1.1 (Panitikan: Alegorya ng Yungib)**

**BALIKAN**

**Gawain 1: #PostKoPahayagKo** *Iba-iba ang sagot.*

**TUKLASIN**

**Gawain 2: Paglinang ng Talasalitaan**

1. Nagliliyab – Nahumaling
2. Pagmasid-Pagmasdan
3. Mahirap-Mahirati
4. Malalim na Pag-iisip-Intelektuwal

**Gawain 3: Pagsusuri sa Sanaysay** *Iba-iba ang sagot.*

**Gawain 4: Pag-unawa sa Akda** *Iba-iba ang sagot.*

**SURIIN**

**Gawain 5: Larawan ng Buhay** *Iba-iba ang sagot.*

**PAGYAMANIN**

**Gawain 6: Makatotohanan o Hindi Makatotohanan?** *Iba-iba ang sagot.*

**ISAISIP**

**Gawain 7: Pagkatuto at Pagpapahalaga** *Iba-iba ang sagot.*

**ISAGAWA**

**Gawain 8: Panoorin Mo!** *Iba-iba ang sagot.*

## ARALIN 1.2 (Wika at Gramatika: Mga Pahayag sa Pagbibigay Pananaw)

**BALIKAN**

**Gawain 1: Ekspresiyon Ko, Tukuyin Mo!**

sa kabilang dako, alinsunod, sa paniniwala ko, sa tingin ko

**TUKLASIN**

**Gawain 2: Pagpapalawak ng Kaalaman** *Iba-iba ang sagot.*

**SURIIN**

**Gawain 3: Pagsasanib ng Gramatika at Retorika**

A. (1) kaya, (2) sa isang pag-aaral, (3) ayon sa kaniya,
B. (1) sa kasalukuyan, (2) Higit pa rito, (3) ayon sa isang kritiko, sa tingin niya
C. (1) sapagkat, (2) mula sa, (3) sa isang banda
D. (1) ayon sa isang magulang na Pranses, sa ganang kaniya (2) kaugnay nito, (3) ang panukalang batas na ito

**PAGYAMANIN**

**Gawain 4: Share-It Mo Naman** *Iba-iba ang sagot.*

**ISAISIP**

**Gawain 5: Ako, Ang Wika at Gramatika** *Iba-iba ang sagot.*

**ISAGAWA**

**Gawain 6: GRASPS** *Iba-iba ang sagot.*

### PANGWAKAS NA PAGTATAYA

**A.**

1. B
2. K
3. J
4. G
5. D
6. E
7. H
8. I
9. A
10. F

**B.**

1. C
2. B
3. A
4. A
5. B

**C.**

1. Ayon sa
2. Alinsunod sa
3. Sa paniniwala ko
4. Inaakala ng
5. Sa tingon ko

# *Sanggunian*

Ambat, V.C., et.al (2015). *Filipino 10 Modyul para sa Mag-aaral – Alegorya ng Yungib.* Pasig City: Vibal Group, Inc. pa. 28-43.

Locano, D.G., Ipong M.L. at Royo, J.L (2015). *Parola 10.* Valenzuela City: JO-ES Publishing House, Inc. pa. 171-172.

*Elemento ng Sanaysay.* Nahango noong Mayo 18, 2020 mula sa https://brainly.ph/question/140197

*Pangunahing Paksa at Pantulong na Detalye.* Nahango noong Mayo 18, 2020 mula sa https://www.slideshare.net/mobile/cli4d/ang-pangunahing-paksa-at-mga-pantulong-na-detalye

*Habang at Samantalang.* Nahango noong Mayo 18, 2020 mula sa https://www.wattpad.com/amp/311311557

*"Pinoy Frontliners" dokumentaryo ni Raffy Tima ng I-Witness (GMA 7).* Nahango noong Mayo 18, 2020 mula sa https://www.youtube.com/watch?v=xCp4d-0MYTg

Ramos, Ernesto Jr. (2020). *Larawan nina Plato at Glaucon.* Nahango mula sa https://godandgoodlife.nd.edu/digital-essays/why-be-good-plato/

Panganiban at Panganiban (1998). *Panitikan ng Pilipinas – Ang ningning at ang liwanag*

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph